



## Karapat-dapat ba ako para sa NDIS sa WA?

Sinusuportahan ng Pambansang Sistema ng Seguro sa Kapansanan (National Disability Insurance Scheme) sa Western Australia ang mga taong may kapansanan na makakuha ng pang-indibidwal na mga suportang dinisenyo upang maging angkop sa kanilang mga pangangailangan. Ang programa ay lokal na pinangangasiwaan sa WA ng Kagawaran ng mga Komunidad –Mga Serbisyong Pangkapansanan (dating kilala bilang Komisyon ng mga Serbisyong Pangkapansanan). Ang karapat-dapat na mga tao at ang kanilang pamilya o mga tagapag-alaga ay susuportahan ng isang Lokal na Koordineytor. Makikipagtulungan ang Lokal na Koordineytor sa iyo upang gumawa ng planong pansuporta na tumutukoy sa mga suportang kailangan mo sa kasalukuyan at sa hinaharap. Tutulong din sila sa iyo na makipag-ugnayan sa lokal na komunidad, pangunahin at mga serbisyong pinondohan ng pamahalaan na tutulong sa iyo na matamo ang iyong mga layunin. Ang plano ay kadalasang nirerepaso bawat taon, o habang ang iyong mga layunin at pangangailangan ay nagbabago.

Upang makasali sa NDIS sa WA kinakailangan mo o ng taong sinusuportahan mo na matugunan ang mga pangangailangang nauukol sa edad, pagiging residente at kapansanan o maagang pamamagitan.

Kabilang sa mga pangangailangan para sa pagiging karapat-dapat para sa bagong sali sa NDIS sa WA ang sumusunod:

- ✓ 1 Kailangang nasa edad na mababa sa 65 taon sa oras ng kahilingan para sa iyong pagiging karapat-dapat
- ✓ Kailangang maging isang Mamamayan ng Australia, may hawak na Permanent Residency Visa o isang protektadong Special Category Visa (subclass 444 – para sa mga mamamayan lamang ng New Zealand)
- ✓ Permanenteng naninirahan sa isang lugar kung saan may umiiral na NDIS (maaari mong i-tsek ang mga lugar na mayroong NDIS sa pamamagitan ng pagbisita sa <http://www.disability.wa.gov.au/wa-ndis/wa-ndis/>)
- ✓ Katibayan ng kapansanan o permanenteng kapansanan sa pamamagitan ng medikal na ulat na nagpapatunay ng diagnosis at epekto nito sa pagtupad ng kanilang pang-araw-araw na gawain sa buhay.

Maaari ding matugunan ng mga batang mababa sa 8 ang edad ang mga pangangailangan para sa Maagang Pamamagitan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pangangailangan para sa maagang pamamagitan at pagiging karapat-dapat, mangyari lamang na bisitahin ang <http://www.disability.wa.gov.au/wa-ndis/wa-ndis/> o kontakin ang tanggapan ng iyong Lokal na Koordinasyon.

Kung ikaw ay hindi nakatitiyak na ikaw ay tumutugon sa mga pangangailangan sa pagiging karapat-dapat kontakin ang tanggapan ng iyong Lokal na Koordinasyon o maaari kang tumawag sa Asosasyon ng Autismo (Autism Association) sa 08 9489 8900 para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa programa ng NDIS sa WA.

*Supportado ng Kagawaran ng mga Komunidad (Mga Serbisyong Pangkapansanan)*